



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-19 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN
NA GINANAP NOONG IKA-7 NG NOBYEMBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR,
PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio	Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Jose Antonio V. Lava	Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Aron Ronald R. Cruz	Igg. Richie E. San Jose
Igg. Marbin J. Garcia	Igg. Michael M. Ramos (ABC)
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario	Igg. Miguel Leonardo (SK)

LAHAT AY DUMALO

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 63 - 2022

**“KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGESANG-AYON SA PAGPAPATIBAY SA
KAUTUSANG BARANGAY BLG. 2022-02 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG STA.
ANA NA NAGLALAAAN NG PONDO (SUPPLEMENTAL) NG 2021 SURPLUS NA
NAGKAKAHALAGA NG PHP 46,000.00 NA ILALAAAN TUNGO SA 2022 CAPITAL
OUTLAY UPANG IPAMBILI NG MOTORSIKLO NA GAGAMITIN SA PAGHAKOT NG
BASURA”**

Nag-Isponsor: Lupon ng Finance, Budget and Appropriation
Tagapangulo: Igg. Christopher Aron C. Del Rosario, Ka-Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Miyembro: Igg. Richie E. San Jose, Igg. Bienvenido M. Cruz Jr., Igg. Aron Ronald R. Cruz

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay natanggap ang sipi ng Kautusang Barangay Blg. 2022-02 ng Sangguniang Barangay ng Sta. Ana noong Oktubre 14, 2022 na may titulong “Isang Kautusang Barangay Na Nagpapatibay Ng Paglalaan Ng Karagdagang Pondo Ng Sangguniang Barangay Ng Sta. Ana Para Sa Piskal Na Taong 2022 Na Kukuhanin Sa 2021 Surplus Na Nagkakahalaga Ng Apatnapu’t Anim Na Libong Piso (Php 46,000.00) Patungo Sa 2022 Capital Outlay Upang Ipambili Ng Motorsiklo Upang Magamit Na Panghakot Ng Basura” na unang binasa noong ika-16 na Pangkaraniwang Pagpupulong na ginanap noong Oktubre 17, 2022;

SAPAGKAT, ang pondong nabanggit ay magmumula buhat sa 2021 Surplus at maaaring ilaan sa mga sumusunod:

Paglalaanan ng Pondo:

Capital Outlay (Purchase of Motorcycle)

Php 46,000.00

SAPAGKAT, ang nasabing Paglalaan ng Pondo ay upang matugunan ang ibang mahalagang pangangailangan ng Sangguniang Barangay ng Sta. Ana;

SAPAGKAT, sa isinasagawang magkasanib na pag-aaral sa Kautusang Barangay ng Lupon ng Pananalapi, Paglalaan at Pagkukunan at ng Pambayang Tanggapan ng Badget, napag-alaman na ang nilalaman nito ay tunay na alinsunod sa mga umiiral na patakaran at alituntunin na itinakda ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng taong 1991;

SA MUNGKAHI, ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

IPINASIYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Pagpapatibay Ng Sangguniang Kabataan Blg. 2022-02 Ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tibig Na May Titulong "Kautusang Pinagtibay Ng Sangguniang Kabataan Ng Tibig Ang Paglalaan Ng Pondo Na Manggagaling Sa Savings Ng Sangguniang Kabataan Noong Taong 2020 To 2021 Na May Halagang Limampung Libong Piso (Php 50,000.00) Na Ilalaan Sa Infrastructure (Rehabilitation ang Maintenance of SK Office)"


PINAGTIBAY.


Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.



JEFF C. TANSINSIN


Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:



AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad


ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad



CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad



Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN
Kagawad



MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-ABC)


JOSE ANTONIO V. LAVA
Kagawad


MARBIN J. GARCIA
Kagawad


BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad


RCHIE E. SAN JOSE
Kagawad


MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:


Atty. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

